Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

**Tanggapan ng Kalihim**
***Office of the Secretary***

MAR 04 2009

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 76 , s. 2009

PAGDIRIWANG NG ARAW NI FRANCISCO "BALAGTAS" BALTAZAR

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno, Pampubliko at Pribadong Paaralang Elementary at Secondarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino, sa bisa ng Proklamasyon Blg. 964 ng Pangulo ng Pilipinas, sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, ang mangunguna sa pagdiriwang ng ika-220 taon ng kapanganakan ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Ito ay gaganapin sa ika-2 ng Abril ng kasalukuyang taon.

2. Ang paksa ng kasalukuyang pagdiriwang ay **"Si Balagtas sa Kapayapaang Panlahat".**

3. Layunin ng pagdiriwang na muling balikan sa alaala ang mga nagawa ni Francisco "Balagtas" Baltazar sa larangan ng panitikan, ang kanyang mga naging obra na ginagamit ngayong bilang aralin sa panitikan mula sa mataas na paaralan hanggang sa kolehiyo.

4. Para sa pagdiriwang na ito iminumungkahi ang sumusunod na gawain:

a. Pagdaraos ng maikling palatuntunan para sa pag-aalala sa mga nagawa ni Francisco "Balagtas" Baltazar;
b. Baliktanaw sa talambuhay ni "Balagtas" bilang bayaning makawika at makabayan;
c. Pagbasa sa mga mahahalaga at makukulay na bahagi ng kaisipan sa kanyang obrang "Florante at Laura"; at
d. Pagdaraos ng Timpalak sa Pagbasa ng Tula na sinulat ni "Balagtas".

5. Hinihiling ang malawakan at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**JESLI A. LAPUS**
Secretary

Pamumudmod : 1—(D.O. 50-97)
Sanggunian : Memorandum Pangkagawaran Blg. 102, s. 2008
Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa :

CELEBRATIONS & FESTIVALS

Sally : francisco balagtas baltazar
February 20, 2009